




### MGA SERBISYONG IBINIBIGAY NG LMRA PARA SA MGA DAYUHANG MANGGAGAWA

- Pag-isyu ng visa para sa manggagawa at muling pagbigay bisa dito (renewal)
- Paglipat ng visa mula sa isang amo patungo sa iba (transfer)
- Pagkakaloob ng visa para makapasok (entry visa), pahintulot para manirahan (residence permit), maramihang pagpasok (multiple entry), at mga patunay ng pagkakakilanlan (ID cards) para sa manggagawa at kanyang pamilya, sa tulong ng ibang ahensya ng pamahalaan
- Pagpabilis ng pagkuha ng iskedyul ng pangkalusugang tsek-up, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Kagawarang Pangkalusugan (Ministry of Health)

### MAHAHALAGANG TAGUBILIN BAGO UMALIS SA IYONG BANSA


1. I-tsek sa LMRA website ( www.lmra.bh ) kung hanggang kailan mo maaring gamitin ang visa na ipinagkaloob sa iyo. Isulat lamang ang numero ng iyong visa sa tamang lagayan sa “http://portal.lmra.bh/english/express\_services” Kung ikaw ay dati nang nagtrabaho sa Bahrain, ipakita mo ang luma mong ID card sa iyong employer bago siya mag-aplay ng visa para sa iyo.
2. Siguraduhin mo na dala mo ang mga sumusunod na dokumento:
  - Dalawang kopya ng iyong pasaporte, na may bisa ng higit sa anim (6) na buwan.
  - Kopya ng visa para sa manggagawa na ipinagkaloob ng LMRA.
  - Kopya ng iyong kontrata.
  - Lisensya sa pagmamaneho, kung meron.
  - diploma at mga patunay ng kasanayan, kung meron.
  - kopya ng kontrata sa kasal, kung may balak kang dalhin ang iyong asawa at mga anak.
3. Tingnan mo ang listahan ng mga aprubadong ospital o klinikang medikal sa iyong bansa kung saan duon ka lang maaring magsagawa ng iyong tsek-up  
Upang mai-tsek mo ito, isulat lamang ang sumusunod:  
<http://portal.lmra.bh/english/clinics/index>



### PAGDATING MO SA KAHARIAN NG BAHRAIN

Tumungo sa mga “counters” ng LMRA at magbigay ng kopya ng iyong visa sa paggawa at pasaporte. Ang LMRA ay makikipag-ugnayan sa kinauukulang ahensya ng pamahalaan upang mabigyan ka ng ID, pahintulot ng paninirahan, at iskedyul ng iyong tsek-up pangkalusugan. Bigyan mo ang LMRA ng kopya ng iyong “fingerprints,” litrato at ng iyong lagda, pagdating mo pa lang sa Bahrain. Kung hindi mo ito maaring isagawa sa paliparan, bumisita na lamang sa LMRA sa lalong madaling panahon sa loob ng isang buwan mula ng pagdating mo sa Bahrain. Kung sakaling nais mong lumipat ng amo,

kinakailangan mong magsumite ng “transfer request form” at maglakip ang kopya ng iyong ID.



Ugaliin mo na dalhin palagi o nasa iyong pangangalaga ang iyong pasaporte. Huwag mo itong ibibigay kaninuman, maliban na lamang kung may kasunduan at pahintulot kana itabi ito ng iyong amo.

**Mahalagang Tandaan:**  
Kung dadalhin mo ang iyong pamilya, kailangan na kasama mo sila o kasunod sila ng iyong pagdating.

### PAGKATAPOS NG IYONG PAGDATING SA KAHARIAN NG BAHRAIN

Upang maiwasan na mapatawan ng multa o magkaroon ng problemang legal o makansela ang iyong visa sa paggawa (work visa), at para masigurado na legal ang iyong pananatili sa Bahrain, sundin ang mga sumusunod na mga hakbang:

1. Gawin mo lamang ang trabaho na nakasaad sa iyong visa sa paggawa ,at wala nang iba pa.
2. Magtrabaho ka lamang sa lugar na nakasaad sa iyong visa sa paggawa, o sa ibang sangay na pagmamay-ari ng iyong amo ngunit pareho din lang ang iyong trabaho.
3. Makipagtulungan sa mga opisyal na taga-siyasat (inspection officers) ng LMRA kung sakaling i-tsek nila ang iyong “fingerprints” o mga dokumento.
4. Tumupad ka sa patakaran na nakapaloob sa iyong kontrata ng paggawa.
5. Mapipigilan ng kahilingan mona lumipat sa ibang amo ang pagbigay muli ng bisa (renewal) ng iyong amo sa iyong visa sa paggawa.
6. Huwag kang magbayad ng kahit anumang halaga kapalit ang iyong visa sa paggawa, o pagbigay muli ng bisa dito, o paglipat mo sa ibang amo.
7. Sumunod ka sa lahat ng mga batas ng Bahrain at igtalang mo ang mga tradisyon at kultura ng bansang ito.
8. Huwag kang magliliban sa trabaho ng higit sa 15 na magkakasunod na araw na walang pahintulot ang iyong amo, o sa anumang dahilan na hindi nakasaad sa batas.
9. Kung mayroon kang di pagkakaunawaan sa iyong amo, magsangguni ka sa Hukuman para sa Paggawa (Labor Courts) at sa Kagawaran ng Hustisya at Kautusang Muslim (Ministry of Justice and Islamic Law).
10. Maari mong malaman anumang oras sa iyong mobile phone ang estado ng iyong visa sa paggawa sa pamamagitan ng pagpadala ng mensahe, ukol sa iyong CPR kasama ng numero ng iyong ID (CPR XXXXXXXXX), sa numerong ito ng Batelco 90168 o Zain 77070 o Viva 98690.

### PORTAL PARA SA MGA DAYUHAN

Maari mong gamitin anumang oras ang serbisyong ito upang i-tsek ang estado ng iyong visa ng paggawa o ng iyong pamilya, at iba pang mga detalye. Maari mong gamitin ang serbisyong ito sa pamamagitan ng numero ng iyong CPR at petsa ng pagkawala ng bisa ng iyong pasaporte sa “https://www.lmra.bh/expatportal/login.php”

Siguraduhin na makumpleto mo ang iyong tsek-up pangkalusugan sa loob ng 30 araw mula ng pagdating mo sa Kaharian ng Bahrain.



### PAGLIPAT SA IBANG AMO

Ang isang manggagawa ay may karapatang lumipat sa ibang amo, batay sa mga sumusunod na alituntunin ng resolusyon ng LMRA Bilang 79 para sa 2009, na nagsasaayos ng proseso ng paglipat:

#### 1- Paglipat na walang pahintulot ng amo

- Kumpletuhin muna ang isang buong taon ng paninilbihan sa kasalukuyang amo bago simulan ang proseso ng paglipat.
- Ipaalam sa iyong kasalukuyang amo ang balak mong paglipat sa pamamagitan ng pagpapadala ng rehistradong liham (registered mail), sa loob ng panahon na itinalaga sa iyong kontrata ng paggawa, na hindi hihigit ng 3 buwang notisya o paunawa. Mag-iwan ng kopya ng pagkatanggap nito ng iyong amo, na galing sa tanggapan ng koreo.
- Makipag-ugnayan sa bagong amo na balak lipatan, upang maisumite ang aplikasyon at ang mga kinakailangang dokumento para sa paglipat.

#### 2- Paglipat na may pahintulot

- Ang pangalawang amo ay mag-aaplay ng paglipat para sa manggagawa at magsusumite ng lahat ng mga kailangang dokumento, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan nito sa unang amo.
- Batay sa sistema ng LMRA, ang unang amo ang siyang nagbibigay pahintulot sa manggagawa na lumipat sa iba, ngunit maisasagawa lamang ito matapos na mabayaran ng pangalawang amo ang mga nararapat na mga singil.

#### 3- Paglipat kung sakaling paso na ang visa ng paggawa o iba pang dahilan

- Ipaalam sa LMRA ang iyong balak na paglipat sa loob ng 30 araw bago magpaso ang iyong visa sa paggawa o sa loob ng 5 araw mula na malaman mo na nakansela na ang iyong visa ng paggawa, sa pamamagitan ng personal na pagbisita at pagsangguni sa LMRA.
- Binibigyan ka ng 30 araw upang lumipat, at sa loob ng araw na ito, ikaw ay hindi pinapayagang tumanggap o magsagawa ng anumang trabaho.

### Makipag-ugnayan sa amin:

Upang makipag-ugnayan sa LMRA, ibigay lamang sa amin ang numero ng iyong “mobile phone” at email, sa pamamagitan ng expat portal (<https://www.lmra.bh/expatportal/login.php>) o di kaya ay bumisita sa aming “Serbisyo para sa mga Kliyente” (Client Services) sa LMRA o kaya tumawag sa call center na may numerong 17506055, o bumisita na lamang sa inyong Embahada.

Upang malaman ang mga serbisyo ng LMRA, maari kayong bumisita sa LMRA guide (<http://portal.lmra.bh/english/page/show/105>).

Para sa karagdagan kaalaman, tumawag sa 17506055 o bumisita sa [www.lmra.bh](http://www.lmra.bh).